THE TAMARAO JOURNAL

## WHAT'S INSIDE?

3 LIVE, LAUGH — CALOVEPAN

VOLUME 3 No. 14 Feb. 12, 2024 - Feb. 18, 2024

# SOCIALIZED MEDICAL HEALTH CARE PROGRAM, KAAGAPAY NG CALAPEÑO SA PANAHON NG KAGIPITAN

BATID ni City Mayor Malou Flores-Morillor ang hirap na dinaranas ng kanyang mga mahihirap kababayan sa pagkakataon na may nagkakasakit sa miyembro ng pamilya.

Dahil sa kasalatang pinansyal ay napipilitan ang ilan sa kanila na magbenta ng kasangkapan o kaya naman ay mangutang sa porsyentuhan.

Mga bagay na nais tugunan ng Ina ng lungsod, Mayor Malou Morillo, kung kaya naman mas lalo pang pinapaghusay ng kanyang administrasyon ang mga programang pangkalusugan para sa mga Calapeño.

Isa na rito ang City Health Card na may expanded benefits, maliban sa libreng hospitalization ay sakop na rin nito ang libreng laboratory procedures, ang mga senior citizens na lifetime members ng programa ay may natatanggap na libreng maintenance medicine at kasama rin sa pwedeng maka-avail ng free eye checkup at eyeglasses ang mga PWD.

Sa panahon ng panunungkulan ni Mayor Malou ay nagkaroon na ng psychiatrist na susuri sa mga mentally ill person at libreng maintenance medicine para sa kanila.

Upang tiyaking magagamit ng mga Calapeño ang kanilang prebilihiyo ay tuluy-tuloy ang ginagawang pamamahagi ng health card sa mga barangay sa pangangasiwa ng City Health Card Office sa pamumuno ni Ms. Julie Paduada.

Sa Barangay Nag-Iba II, lungsod ng Calapan ay nasa 204 na residente ang nakatanggap na ng kanilang health card na personal na ipinagkakaloob ni Mayor Malou kasama sina City Councilor Atty. Jel Magsuci at USec. Penelope Belmonte, Barangay Nag-Iba II, Covered Court, Pebrero 6, 2024.

Dito ay ipinahayag ng Punong-lungsod na maliban sa benipisyong hatid ng Health Card ay kanya na ring ibababa ang iba pang programang pangkalusugan sa mga barangay tulad ng health care center sa barangay, free anti pneumonia vaccine at mobile x-ray.

Kanyang binigyang-diin na sa pagkakaloob ng serbisyo at programa para sa taumbayan ay pantay-pantay ang trato sa lahat. Lubos ang pasasalamat ng mga residente ng Nag-Iba II sa pamahalaang lungsod sa pamamagitan ni City Mayor Malou Flores-Morillo na anila'y ramdam nila ang sinserong pagseserbisyo para sa mga katulad nilang maralita at nasa laylayan (Junard Acapulco/CIO).








THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



BASAHIN: *"Walang pag-ibig na laging nasa bed of roses. Ang lahat ng pag-ibig ay may kaakibat na pagsasakripisyo".*

Dito sumentro ang naging mensahe ni Gobernador Bonz Dolor sa harap ng may 80 couple na naging kalahok sa ginanap na Kasalang Panlalawigan noong araw ng mga Puso, Pebrero 14, na ginanap sa Mena G. Valencia Gymnasium, Naujan.

Ang Kasalang Panlalawigan na magkatuwang na inihandog ng Pamahalaang Panlalawigan at Pamahalaang Bayan ng Naujan ay ang tampok na gawain sa pagdiriwang ng lalawigan ng Marriage Week (Pebrero 7-14) ngayong taon alinsunod sa Provincial Ordinance No. 141-2022 na inakda ni Bokal Farah Fay Ilano-Navarro.

Kaakibat ang mga panalangin para sa matibay na pagsasama ng mga ikinasal gayundin ng mga payo at mensahe ukol sa pangangalaga ng relasyon ng mag-asawa at maayos na pagtataguyod ng pamilya ang sinserong ibinigay at itinagubilin ng Punong Lalawigan sa mga ikinasal.

Opisyal namang nagdeklara ng kanilang pagiging mag-asawa si Executive Judge Josephine Caranzo.


Naging matagumpay ang naturang gawain sa malaking suporta at pakikipagtuwang ng Pamahalaang Bayan ng Naujan sa ilalim ng pamumuno ni Mayor Joel Teves kung saan ang naturang bayan ang nagsilbing host municipality ng Kasalang Panlalawigan. Mayorya din ng mga naging kalahok dito ay mga katutubo mula rin sa bayan ng Naujan.

Pinangunahan naman ang pangangasiwa ng naturang gawain ng Provincial Social Welfare and Development Office, Provincial Tourism Office at Naujan Tourism Office.










For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



# LIVE, LAUGH — CALOVEPAN

SA mga nagmamahalan, umiibig at romantiko, mahalaga ang ika-14 ng Pebrero.

Pagbibigay ng bulaklak, tsokolate, stuffed toys, greeting cards at mga hugis pusong regalo — tradisyon na yan sa tuwing darating ang Araw ng mga Puso.

Kaya naman ang mga city government employees at city collegians (CCC) di rin nagpahuli.

Konting salu-salo, palamuting puso, kantahan ng malalambing na musiko — oh diba kumpleto!

Talaga nga naman, basta Valentine's Day ang pag-uusapan, hindi pahuhuli ang taumbayan.

Bongga o simple man ang regalo o pagdiriwang, ang mahalaga — ang iyong minamahal ay mapasaya.

Pagmamahal ay ipadama, sa mga tropa, ka-opisina, magulang, anak, kapatid, kaibigan, hindi lamang sa iyong kasintahan (Kate Rondilla Redublo/CIO).








# MGA HOG RAISER AT MAGSASAKA SA CALAPAN, TUMANGGAP NG INSURANCE MULA SA PCIC





MATAGUMPAY na binigyang daan ng pamunuan ng Philippine Crop Insurance Corporation (PCIC) sa pangunguna ni Ms. Ruelita D. Nilo (PCIC Underwriter, Nauja-Puerto Galera) at Pamahalaang Lungsod ng Calapan, sa pamamagitan ng City Agricultural Services Department na pinamumunuan ng Hepe nito na si City Mayor Marilou Flores-Morillo ang pagsasagawa sa unang bahagi ng pagbibigay ng insurance, para sa mga hog raiser na naapektuhan ng African Swine Fever sa lungsod ng Calapan, gayundin para sa mga magsasaka, ginanap sa Demo Farm, Barangay Biga, noong ika-15 ng Pebrero.

Nasa kabuuang PhP 402,050.00 ang ipinagkaloob para sa unang sampung (10) hog raisers na naapektuhan ng ASF, kung saan naka-insured ang kanilang mga ipina-depopulate na alagang baboy, samantalang dalawampung (20) rice farmers naman ang napagkalooban din ng insurance mula sa inilaang PhP 133,400.00 na naisakatuparan lahat, bunga ng pagsusumikap ng Punong- lungsod sa pakikipag-ugnayan sa PCIC.

Dagdag pa rito, financial assistance at livelihood program naman ang isinusulong din ni Mayor Morillo, bilang suportang tulong, para sa mga apektadong nag-aalaga ng baboy na nakapag-report at nakiisa sa Lokal na Pamahalaan, kaugnay sa pagde-depopulate ng mga alagang baboy, para sa pagsugpo ng ASF (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 14 Feb. 12, 2024 - Feb. 18, 2024



MSP GAS RETAILING STATION

Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013


# PUSONG-INA, PUSONG KUMAKALINGA NI MAYOR TITA PETMALOU




HINDI man siya nakakarinig at hindi rin nakapagsasalita subalit sa kanyang sariling pamamaraan ay naipahayag ni Red Remis, 19 anyos, isang PWU na residente ng Barangay Lazareto kanyang kasiyahan nang personal na bisitahin siya ni City Mayor Malou Flores-Morillo upang ipagkaloob sa kanya ang pinapangarap na bagong wheel chair.

Ayon sa ina ni Red na si Dynah Remis, nasa labing isang taon nang ginamit ng kanyang anak na may kapansanan ang lumang wheel chair subalit dahil sa kasalatan sa pinansyal ay hindi niya ito magawang palitan. Marami na rin daw umano silang nilapitan upang humingi ng tulong pero lagi silang nabibigo.

Kung kaya naman walang mapagsidlan ang tuwa ni Dynah sa surpresang pagbisita ni Mayor Malou sa kanilang tahanan bitbit ang inaasam na wheel chair para sa kanyang anak.

Sinabi ng Punong-lungsod na sensitibo siya sa kalagayan ng kanyang mga minamahal na kababayan kung kaya naman bukas-palad siyang tumutugon sa mga pangangailangan ng taumbayan lalo't higit sa mga less fortunate at bulnerableng sektor sa lungsod ng Calapan (Junard Acapulco/ CIO).